4

# Sining

## Kwarter 1 – Modyul 4:

## Masining na Disenyo ng Pamayanang Kultural




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q1_Sining4_Modyul3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Sining – Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Kwarter 1– Modyul 4: Masining na Disenyo ng Pamayanang Kultural**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Francis Agapito

**Editor:** Francis Durante

**Tagasuri:** Cynthia T. Montanez

**Tagaguhit:** Emma S. Malapo

**Tagalapat:** Francis Agapito

**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad
Francisco B. Bulalacao, Jr.
Grace U. Rabelas
Ma. Leilani R. Lorico
Jerson V. Toralde
Belen B. Pili
Cynthia T. Montanez

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Telefax: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Sining

## Kwarter 1 – Module 4:

## Masining na Disenyo ng Pamayanang Kultural

# Paunang Salita

Ang Self-learning Module o SLM ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral so kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral mna may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahn ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Isang maganda at makabuluhan ng araw sa iyo kaibigan!

Upang higit na mapayaman at mapayabong ang ating sining, kailangang maunawaaan at magbigyang halaga muna ang mga pinagmulan at simbolismo ng bawat likha.

Ang modyul na ito ay nagtatalakay ng likha ng sining at nalalaman ang kahalagahan ng isang disenyo mula sa mga katutubong pamayanan sa pamamagitan ng kasuotan at palamuti.

Pagkatapos ng modyul na ito ay inaasahan ang mag-aaral ay makalilikha ng isang disenyong katutubo sa pamamagitan ng isang kasuoyan o palamuti.



## *Subukin*



### KAYA MO BA?

Gumawa ng isang masining na disenyo gamit ang mga hugis na matatagpuan sa kahon. Ang mga hugis ay maaring maulit at baguhin ang laki. Kulayan ang mga ito.



# Aralin 1

# Masining ng Disenyo ng Pamayanang Kultural

## *Balikan*

Kilalanin ang disenyo ng dibuhong etniko at buuin ang pangalan sa loob ng kahon.

















## *Tuklasin*

Pagmasdang mabuti ang larawan. Pansiming maigi ang bawat disenyo ng mga kasuotan at sagutin ang mga tanong.



**Tanong:**

1. Ano-ano ang bagay na mabubuo mo sa mga disenyo ng bawat kasuotan?
2. Saan mo karaniwang nakikita ang mga nabuo mong bagay na disenyo ng kasuotan?
3. Anong pangkat ng tao karaniwan mong nakikita ang mga kasuotang ito?
4. Bakit kaya nilalagay nilang disenyo ang mga bagay sa kanilang paligid?

Gusto mo rin bang gumawa ng ganyang kasuotan? Pero bago yan, kailangan mo munang malaman ang pinamulan at halaga ng mga disenyong ito.





## *Suriin*



Ang mga masining na disenyo ng mga pamayanang kultural ay isa sa mga pamana ng sining sa ating bansa na bahagi ng ating kultura.

Ang mga disenyo noong unang panahon ay ginawang basehan din upang makagawa ng disenyo ngayon.



Ipinakita ng iba't ibang disenyo na halos magkakatulad ang paggamit ng dibuho, kulay at linya ng disenyo ng pamayanang kultural sa disenyo ng makabagong panahon. Ang katangiang pagkamalikhain ay hindi nawala bagkus ay lalo pang pinagyaman para sa lalo pang ikagaganda ng mga disenyong atin nang nakagisnan.

Hindi lamang sa mga kasuotan at mga kagamitan makikita ang mga disenyo. Makikita din ito sa mga gamit sa bahay, mga pang dekorasyon, at mga palamuti sa katawan.

Ito ang ilang halimbawa ng Disenyo ng Pamayanag Kultural at Kasalukuyang Disenyo.

| Masining na Disenyo ng Pamayanang Kultural | | Masining na Kasalukuyang Disenyo | |
|---|---|---|---|
|  |  |  |  |
|  |  |  |  |

***Source:*** Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro p. 21

## *Payamanin*

**Gawin 1**

Buuin ang mga pangungusap upang mabuo ang mga konsepto ng aralin.

1. Ang __________________ ay siyang basehan ng mga makabagong disenyo.
2. Bukod sa bahay, mga dekorasyon at palamuti sa katawan, ang __________________ ay makikitaan din ng mga masining na disenyo.
3. Ang masining na disenyo ay mahalaga sapagkat ito ay itinuturing na ________________ na bahagi ng ating kultura.
4. Ang __________________ na disenyo ay resulta ng pasalin-salin na pamana ng pamayang kultural.

**Gawain 2**

Ayon sa iyong napag-aralan, magbigay ng pakakaiba at pagkakatulad na katangian ng Masining na Disenyo ng Pamayanang Kultural sa Masining na Kasalukuyang Disenyo gamit ang Venn Diagram



**Gawain 3**

Gumuhit at kulayan ng isang banga na dedisenyohan ng dibuhung araw, bituin, bunbok at bulaklak. Lagyan ito ng pangalan.

## Isaisip

Magaling nasagutan mo lahat ng tanong at pagsubok!

Sa bahaging ito, patutunayan mo ang iyong mga matutunan sa modyul sa pamamagitan ng paglalagay sa patlang ng ☺ kung sa nilalaman ng pangugusap at ☹ kung hindi.

__________ 1. Ang desinyo ng pamayanang kultural ay siyang basehan ng mga makabagong disenyo.

__________ 2. Bukod sa bahay, mga dekorasyon at palamuti sa katawan, ang kasuotan ay makikitaan din ng mga masining na disenyo.

__________ 3. Ang masining na disenyo ay mahalaga sapagkat ito ay itinuturing na malas na bahagi ng ating kultura.

__________ 4. Ang pamayanang kultural na disenyo ay resulta ng pasalin-salin na pamana ng pamayang kultural.

__________ 5. Naging bahagi na ng mga tao ang mga simbolo at dibuho sa paglilikha ng sining.

## *Isagawa*

# GAWIN

**Pabalat sa Notbuk**

Kagamitan: mga *recycled paper* tulad ng lumang kalendaryo o anumang papel, gunting, lapis, krayola, *tape,* at *plastic cover*

**Mga Hakbang Sa Paggawa:**

1. Ihanda ang mga kagamitan.
2. Gumupit ng lumang kalendaryo o anumang papel kasukat ng notbuk na nais lagyan ng pabalat. Gamitin ang malinis na bahagi nito.
3. Gumuhit ng sariling masining na disenyo.
4. Pagkaguhit, kulayan upang mas lalong tumingkad ang mga disenyo.
5. Gawing kakaiba ang disenyo.
6. Ibalot ang ginawang disenyo sa isang notbuk. Gamitan ito ng *tape* para sa mas maayos na paglalapat.
7. Sikaping maging malinis at maayos ang ginawang likha.
8. Ipakita sa harap ng klase ang natapos na likhang-sining



***Source:*** Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p. 170

## *Tayahin*

| KASANAYAN | Lubos na nasusunod ang pamatayan sa pagbuo ng likhangsining (3) | Nasunod ang pamatayan sa pagbuo ng likhang sining (2) | Hindi nasunod ang pamatayan sa pagbuo ng likhang sining (1) |
|---|---|---|---|
| 1. Naiguhit ko ba nang kakaiba ang sarili kong disenyo? | | | |
| 2. Nakagamit ba ako ng tamang kulay upang maging kakaiba ang aking likhang-sining? | | | |
| 3. Napahalagahan ko ba ang mga sinauna at kasalukuyang disenyong nagmula sa pamayanang kultural? | | | |
| 4. Nagawa ko ba ang gawain nang hindi humingi ng tulong sa iba? | | | |
| 5. Nakadama ba ako ng kasiyahan sa aking sining? | | | |

***Source:*** Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p. 171

## *Karagdagang Gawain*

Gumuhit ng isang banga na dedisenyohan ng mga masining na dibuho ng pamayanang kultural.

# Susi sa Pagwawasto

| Balikan | Payamanin | Isaisip |
|---|---|---|
| Kalinga | Gawain 1 | 1. ☺ |
| Tagbanua | 1. Masining na Disenyo ng Pamayanang Kultural | 2. ☺ |
| Bagobo | 2. Kasuotan | 3. ☹ |
| Bagobo | 3. Pamana | 4. ☹ |
| Maranao | 4. Kasalukuyang Disenyo | 5. ☺ |
| Ifugao | | |
| Tagbanua | | |
| Maranao | | |

# *Sanggunian*

*Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p.158*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph